


3 Doktor



Nagkasakit ka na ba? Hindi ka ba nagkaproblema sa pakikipag-usap sa hospital? Bibihira lang ang interpreters sa hospital hindi katulad sa paaralan at mga cityhall. Kapag tungkol na sa usapang karamdaman, mas kampante ang taong maysakit kung sariling wika ang gagamitin upang magkaiintindihan sila ng doktor. Kung kayo ay magiging isang doktor, marami kayong matutulungan tao, isang tulay na magdurugtong sa sariling bansa at sa bansang Japan. Magiging malaki ang inyong kontribusyon sa komunidad dahil sa taglay ninyong kaalaman sa larangan ng medisina.

Para maging isang doktor



<Maagang preparasyon>

Para maging isang doktor, kinakailangang ang talino at pag-aaral ng medisina sa unibersidad sa loob ng 6 na taon. Importante dito ang galing sa academic subjects, Science at Math. Bukod dito, pagbutihin din ang pag-aaral ng sariling wika at Japanese language.

<kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Pagkatapos makapasa ng National Medical Practitioners Qualifying Exam, magtatrabaho ng mahigit 2 taon sa loob ng hospital bilang isang medical intern. Pagkatapos nito ay maaring magtrabaho bilang research doktor ng hospital, laboratory o pharmaceutical company. Maari ding magtrabaho bilang attending physician ng hospital o clinic o kaya naman ay magtayo ng pribadong clinic depende sa gustong propesyon.

Ang average annual salary ng research doctor ay 4 million yen, attending doctor 6 million yen. Para sa pribadong klinika, depende sa dami ng pasyente, ang average annual income ay nasa 10-20 million yen.

<Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

National universities (6 taon) 3.5 million yen, bukod pa ang gastos sa training at major texts books. Ang private medical universities (6 taon) ay aabutin ng 20-50 million yen.

<Scholarship>

May scholarship program na binibigay na hindi lalagpas sa 600,000 yen kada taon ang mga medical universities ng prefecture at ilang universities na may medical course. At mayroon ding student loan system na applicable sa lahat kasama na ang mga dayuhan, na kung makakapagtatrabaho pagkatapos ng 6 na taon bilang doktor ng prefecture, maaring maging exempted sa pagbabayad ng student loan na hiniram.